

# ABDIAS

Maaaring nagsulat si Abdias pagkatapos ng taong 500 at bago nasakop ang Edom sa taong 312. Puno ng mga sigaw ng paghihiganti ang kanyang mga tula, na sa pinakapuso ng mga ito ay nagpapakita ng pananampalataya niya sa katarungan ng Diyos.

**Laban sa Edom**

1 *Ang pangitain ni Abdias.* Salita ni Yaweng Panginoon tungkol sa Edom:
May balita kaming narinig galing kay Yawe,
isang tagapagbalita ang ipinadala sa mga bansa: "Tayo na, tayo na laban sa Edom!"
2 Pinaliliit kita sa mga bansa, lubha kang hinahamak ngayon.
3 Dinaya ka ng kapalaluan ng iyong puso,
ikaw na nakatira sa mga guwang sa batuhan,
na nananahan sa kaitaasan,
at nagsasabi sa sarili:
Sino ang magpapabagsak sa akin sa lupa?
4 Pumailanlang ka man tulad ng agila,
at magpugad sa mga bituin,
pababagsakin pa rin kita mula roon
– salita ni Yawe.
5 Kung pasukin ka ng mga magnanakaw,
mga mangungulimbat sa gabi,
di ka kaya malipol?
Di ba't nanakawin nila sa iyo ang gusto nila?
Kung dumating sa iyo ang mga mamimitas ng ubas,
di ba't kaunting ubas lamang ang kanilang ititira?
6 Sinaid nila ang bayan ni Esau,
tinangay lahat ng natatago niyang yaman!
7 Itinaboy ka sa mga hangganan ng iyong mga kakampi;
ipinagkanulo ka ng iyong mga kaibigan.
Ang mga nakisalo sa iyong tinapay
ang lihim na naglagay ng bitag sa iyo.
8 Hindi ko ba wawasakin sa araw na iyon, sabi ni Yawe,
ang matatalino sa Edom,
at ang nakauunawa sa mga bundok ng Esau?
9 Mangingilabot ang mga mandirigma mo, Teman,
at papataying lahat ang mga nasa kabundukan ng Esau.
10 Dahil sa karahasan mo laban kay Jacob na iyong kapatid,
matatadtad ka ng hiya at mawawasak magpakailanman.
11 Nanatili kang nakaabang sa araw na iyon,
habang binibihag ng mga dayuhan ang kanyang hukbo,
pinapasok ang kanyang mga pintuan,
at pinagpapalabunutan ang Jerusalem.
Isa ka nga rin sa kanila.
12 Huwag mong matahin ang iyong kapatid
sa araw ng kanyang kasawian.
Huwag mong ikatuwa ang pagkakita sa mga anak ni Juda
sa araw ng kanilang pagkawasak,
ni magyabang sa araw ng kanilang kagipitan.
13 Huwag kang pumasok sa siyudad
ng aking bayan sa araw ng sakuna,
ni matahin sila sa kanilang kasawian
sa araw ng kapahamakan,
ni agawin ang kanilang kayamanan
sa araw ng kagipitan.
14 Di ka dapat mag-abang sa mga krus na daan
para patayin ang mga tumatakas sa kanila,
ni ipagkanulo ang mga natira sa kanila
sa araw ng kapighatian.
15 Sapagkat malapit na ang araw ni Yawe
laban sa mga bansa.
Kung ano ang ginawa mo,
ito rin ang gagawin sa iyo.
Pagbabayaran mo ang iyong mga ginawa.

